ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XLVI Blg. 4
Pebrero 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Paigtingin ang mga pakikibakang-bayan sa harap ng krisis sa pulitika ng rehimeng US-Aquino

Niyayanig ngayon ng masidhing krisis sa pulitika ang naghaharing rehimen bunga ng nabubunyag na tuwirang responsibilidad ni Benigno Aquino III at ng mga upisyal-militar ng US sa inilunsad na madugong operasyon sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25.

Ang patuloy na paghuhugas-kamay ni Aquino at pagtatakip sa katotohanan ay lalong nagpapatindi sa galit ng mamamayang Pilipino at nagpapaalab sa kanilang paghahangad na patalsikin ang rehimeng papet, talamak sa korapsyon, malupit at mapanlinlang.

Nagkakandarapa ngayon ang rehimeng Aquino na remedyuhan ang krisis sa pulitika sa pamamagitan ng sunud-sunod na hakbang para pigilang lumabas ang katotohanan at gamitin ang pondo ng gubyerno upang lumikha ng iba't ibang ingay at ilayo sa US at kay Aquino ang atensyon at sisi sa pagkamatay ng mahigit 80 katao, kabilang ang 44 na espesyal na tropa ng pulis, mga pwersang paramilitar, mga mandirigmang Moro at mga sibilyan.




Tanda ng lalim ng galit sa naghaharing rehimen, ibinunyag ng ilang mga tauhan ng PNP Special Action Force (SAF) na nag-operasyon sa Mamasapano ang katotohanan tungkol sa tuwirang pangunguna ng mga upisyal-militar ng US sa pagsasanay, pagpaplano at paglulunsad ng naturang operasyon. Nabunyag sa mga paglalahad na ito ang malaking kataksilan ng gubyernong Aquino nang ito ay lihim na magpagamit sa mga militar ng US para isagawa ang operasyong likidasyon laban kay Zulkifli bin Hir na may patong na $6 milyon mula sa US State Department.

Sa tangkang pigilan ang pagbubunyag ng mga inililihim na impormasyong makapagdidiin kay Aquino at sa US, pinagbawalan ang mamamayang Pilipino na sumaksi at makinig sa isinasagawang imbestigasyon ng Senadong dominado ng mga pulitikong maka-

Aquino at maka-US. Kung isasapubliko man ang mga impormasyong ito, tiyak na "lilinisin" muna upang iwasang lalong makagatong sa galit ng bayan. Ang mga pagdinig naman ng Kongreso ay tuluyan nang sinuspinde sa pangambang madiin ang mga upisyal ni Aquino ng mga tanong, laluna ng mga progresibong mambabatas na determinadong alamin ang lubos na katotohanan tungkol sa nangyari sa Mamasapano.

Sa kabila ng ilampung milyong pisong ibinubuhos na pondo ng Malacañang sa mga kamag-anak ng nasawing tropa ng pulisya, bigo itong patahimikin sila sa kanilang mga daing at hinanakit sa ginawang pag-abandona sa mga tropang nasukol sa operasyon. Malawak din ang impormasyon na hawak ng mga kamag-anak ng nasawing tropa ng SAF na maaaring lalong makapagdidiin sa responsibilidad ni Aquino, mga malapit niyang upisyal at mga upisyal-militar ng US.

Tuluy-tuloy ang pambabaluktot ng gubyernong Aquino sa katotohanan tungkol sa naging papel ng US. Pinalalabas ng mga upisyal ni Aquino na "walang masama" na "tumulong" ang militar ng US, na para bang hindi ang gubyernong US ang pasimuno ng buong operasyon.

Habang lalong pinagtatakpan at binabaluktot ng gubyernong Aquino ang katotohanan tungkol sa madugong operasyon sa Mamasapano, lalo namang sumisidhi ang paghahangad ng sambayanang Pilipino na ungkatin at himay-himayin ang lahat ng impormasyon kaugnay nito, upang matukoy, higit sa lahat, ang responsibilidad ni Aquino at ng US sa pagpaplano at paglulunsad ng operasyon. Ang mga naging pahayag at paglalarawan nina Aquino at kanyang mga upisyal tungkol dito ay hindi tinatanggap ng malawak na mamamayan. Salamin nito ang paggigiit ng matataas na upisyal ng Simbahang Katoliko na ibunyag ng gubyernong Aquino ang buong katotohanan.

Ang pagsupil ni Aquino sa katotohanan sa Mamasapano at tangkang pagtakip dito ay gumagatong sa malawak na galit ng mamamayang Pilipino sa naghaharing rehimen. Lalo nitong pinag-aalab ang panawagan ng malawak na sektor para patalsikin si Aquino mula sa poder.

Malawak at malakas ang sigaw para sa pagbibitiw ni Aquino. Ang labis niyang pagkakahiwalay ay nagpapalakas din sa loob ng mga karibal niyang reaksyunaryong pulitiko at mga katuwang na upisyal sa militar at pulisya na sumanib sa mga pagkilos ng mamamayan at talikuran ang naghaharing rehimen. Kaisa rin ang ilang lider-relihiyoso sa pananawagang magtayo ng demokratikong konseho upang humalili sa kapangyarihan oras na magbitiw si Aquino.

Malalim ang paghahangad ng mamamayang Pilipino na patalsikin ang rehimeng Aquino dahil sa korapsyon, brutalidad, pagpapakapapet sa US at panlilinlang. Kaliwa't kanan ang mga krimen nito laban sa mamamayan. Ang madugong operasyon sa Mamasapano ang huli lamang sa mahaba nang listahan ng ginawa nitong pagpapahirap, pang-aapi at panunupil sa mamamayan.

Dapat tipunin ang galit ng mamamayan, buuin ang kanilang pagkakaisa at iluwal ang kanilang lakas sa malalawak na protesta sa lansangan. Dapat tipunin ang lahat ng sektor, grupo at mga personalidad na nagkakaisa sa pagsingil kay Aquino sa pangunguna nito sa operasyon sa Mamasapano. Dapat tuluy-tuloy na ilantad at batikusin ng mga patriyotikong pwersa ang pagpapasimuno ng militar ng US sa operasyon na lumalabag sa pambansang soberanya ng Pilipinas.

Dapat palakasin ng mga manggagawa at masang anakpawis ang kanilang mga pagkilos upang singilin si Aquino at ang US sa madugong operasyon


ANG Bayan

Taon XLVI Blg. 4 Pebrero 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

*angbayan@yahoo.com*


## Nilalaman


**Editoryal**: Paigtingin ang mga pakikibakang masa sa harap ng krisis sa pulitika 1
Isulong ang pakikibaka para sa Bangsamoro 3
Galit at protesta laban kay Aquino 4
Punong papel ng US sa Mamasapano 5
Teroristang gera ng US sa Pilipinas 6
Nasaan na si Meiring? 8
Mga atake ng AFP sa Bangsamoro 8
Sibilyan, sugatan sa Bukidnon 11
Sundalo, patay sa Samar 11
Presyo ng langis, muling sumirit 12
Mga manggagawa sa US, nagwelga 12
4, iligal na ibinilanggo 13
Lupain ng PCMC, ibinigay 14
Mga paglabag ng GMA-7 14
Pagkilos ng mga nakaligtas sa Yolanda 14



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

sa Mamasapano. Mas mahalaga pa, dapat mahigpit na iugnay ito sa mga usapin ng pagtataas ng minimum na sahod, pagpapababa sa pamasahe sa metrotren, presyo ng langis at mga bilihin at singil sa kuryente at tubig at pagdaragdag ng badyet sa edukasyon, kalusugan at iba pang mga serbisyong panlipunan.

Sa ganitong paraan, mabubuklod nila ang mas malawak na hanay ng anakpawis upang maging mayor na pwersa sa mga pagkilos at hakbangin para patalsikin si Aquino sa poder at maisulong nang mas malakas ang kanilang mga pakikibaka sa ilalim ng gubyernong hahalili sa rehimeng Aquino.

Dapat paigtingin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang armadong pakikibaka at samantalahin ang kaguluhan ng mga upisyal ng AFP at PNP. Dapat ituon ang pinakamatitinding bigwas sa mga upisyal at yunit na pinakabrutal sa panunupil sa mamamayan at pagtatanggol sa bulok na rehimeng Aquino. Hikayatin ang mga disgustadong upisyal at tauhan ng militar at pulisya na talikuran na ang rehimeng Aquino at sumanib sa rebolusyonaryong kilusan o makipagtulungan dito.

Sa mga darating na buwan, ang lahat ng kumand ng BHB ay dapat makapaglunsad ng mga taktikal na opensiba bilang ambag sa pakikibaka ng sambayanan na wakasan ang paghahari ni Aquino. Kaakibat ito ng pagsusulong ng mga pakikibakang agraryo at pagpapalawak at pagpapatatag ng mga organo ng demokratikong gubyernong bayan. Dapat puspusang kumilos ang mga rebolusyonaryong pwersa upang ang pag-iibayo ng mga kilos-protesta at pakikibaka laban sa rehimeng US-Aquino ay mag-ambag sa lahatang-panig na pagsusulong ng digmang bayan sa buong bansa. AB

# Isulong ang pakikibaka para sa Bangsamoro—*NDF-Mindanao*

Nanawagan ang National Democratic Front (NDF)-Mindanao sa mamamayang Moro na ibayong patatagin ang kanilang hanay at paigtingin ang pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili. Ang panawagan ay inilabas ni Ka Oris, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, matapos ang madugong sagupaan noong Enero 25 sa Mamasapano, Maguindanao.

Ang paglusob noong Enero 25 ng mga armadong tropa ng Special Action Force (SAF) ng Philippine National Police (PNP) sa Barangay Tukanalipao, Mamasapano, lugar na kilalang saklaw ng Bangsamoro, ay tahasang paglapastangan sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mamamayang Moro.


Ang malaking pinsalang idinulot ng mga mandirigmang Moro laban sa SAF ay sinasamantala ng ilang mga grupo at pulitiko para paigtingin ang sobinismong anti-Moro at pagtakpan ang pananagutan nina Aquino at ng US sa madugong operasyon. Nanganganib ngayon na hadlangan ang pagpapatibay ng Bangsamoro Basic Law (BBL), na panukalang batas na bunga ng usapang pangkapayapaan ng GPH at MILF.

Gayunman, ani Ka Oris, kahit pa maisabatas at maipatupad ang BBL, paparaming mamamayang Moro ang inaasahang lalahok sa armadong pakikibakang inilulunsad ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) at sa pambansa-demokratikong pakikibakang kinakatawan ng NDF. Ito ay dahil hindi idinisenyo ang BBL para resolbahin ang batayang pyudal at malakolonyal na sistemang umiiral sa mga erya ng Bangsamoro.

Idiniin ni Ka Oris na may komitment ang NDF sa mamamayang Moro na itaguyod ang pakikibaka nito para sa pagpapasya-sa-sarili. Dahil dito, maaaring magsuportahan ang dalawang pwersa laban sa komun na kaaway.

Nanawagan ang NDF-Mindanao sa BIFF na paghandaan ang tiyak na pagtindi ng mga atake-militar sa hanay nito. Dapat itong magpalakas at mabilis na magpalawak ng mga erya ng maniobrahan para mapangibabawan nito ang mga kampanyang pagkubkob ng AFP-PNP. Matabang lupa ang mga erya at lipunan ng Bangsamoro para magpakabihasa sa pakikidigmang gerilya at digmang bayan.

Nanawagan din ang NDF-Mindanao sa mamamayang Pilipino na makiisa sa mamamayang Moro sa kanilang pakikipaglaban para sa tunay na karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at sa pambansang kalayaan at demokrasya, upang balang araw ay matamasa sa Mindanao at buong bansa ang makatarungan at matagalang kapayapaan. AB



# Galit at protesta sa rehimeng US-Aquino, muling sumiklab

Malawakang galit ng mamamayang Pilipino sa rehimeng US-Aquino ang ibinunsod ng madugong operasyon ng militar ng US sa Mamasapano, Maguindanao gamit ang mga lokal na pulis.

Mula huling linggo ng Enero, sunud-sunod na kilos-protesta ang inilunsad ng mga progresibong grupo sa Metro Manila at iba pang dako ng Luzon at Mindanao para panagutin ang rehimeng US-Aquino at ipanawagan ang pagpapatalsik dito.

**Enero 28.** Naglunsad ng kilos-protesta ang Suara Bangsamoro sa Cotabato City Plaza para igiit ang hustisya para sa mga nabiktimang sibilyan at singilin si Aquino at ang US sa kanilang pananagutan sa madugong labanan sa Mamasapano.

**Enero 31.** Nagdaos ng *press conference* ang Kawagib-Moro Human Rights Alliance para iulat ang resulta ng panimula nitong mga imbestigasyon sa Mamasapano. Anito, nagkaroon ng ilang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang at walang patumanggang pamamaril at mahigit 1,500 katao ang napilitang magbakwit bunga ng labanan. Kabilang sa mga napaslang ang 5-taong gulang na si Sarah Panangulon nang paulanan ng bala ng SAF ang kanilang kubo. Si Badrudin Langalan naman, na nakasalubong ng mga tropa ng SAF ay ginapos at natagpuang tadtad ng bala ang bangkay at wala nang mga mata. Limang sibilyan ding nadaanan ng SAF na nagdadasal sa isang moske ay napatay nang paulanan sila ng bala.

**Pebrero 3.** Inilunsad ang "National Day of Mourning" na nilahukan ng mga myembro ng Promotion of Church People's Response at Kilusang Mayo Uno sa pamamagitan ng isang misa sa Camp Crame para sa mga biktima sa Mamasapano.

**Pebrero 4.** Nagmartsa ang daan-daang myembro ng mga progresibong grupong kaanib ng Bagong Alyansang Makabayan mula sa paanan ng Mendiola Bridge patungo sa US Embassy. Itinaon ang naturang aktibidad sa ika-116 anibersaryo ng Digmaang Pilipino-Amerikano.

Ipinananawagan din nila ang pagpapalayas sa mga tropang Amerikano at ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement (VFA), Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at iba pang tagibang na kasunduang militar sa US.

Ang mga pulis na humarang sa kanila ay nagkabit din ng itim na laso sa kanilang uniporme bilang pakikisimpatya sa napatay nilang kasamahan.




**Pebrero 5.** Naglunsad ang mga progresibong sektor ng isang *public viewing* sa malakaing *screen* sa TV samantalang nagbibigay ng pahayag si Aquino kaugnay sa pagtuligsa sa kanyang responsibilidad sa Mamasapano.

**Pebrero 6.** Inilunsad ang pambansang kilos-protesta ng iba't ibang grupo ng kabataan-estudyante na tinagurian nilang "Black Friday Protest" para ipanawagan ang pagpapatalsik kay Aquino dahil sa kanyang kriminal na pananagutan sa Mamasapano.

Nagkaroon ng kilos-protesta sa loob ng University of the Philippines sa Diliman, Quezon City at Polytechnic University of the Philippines sa tanghali. Pagsapit ng hapon, naglunsad din ng kilos-protesta ang mga estudyante sa University of Sto. Tomas, University of Manila, San Beda College, UP Manila at sa Freedom Park sa Batasan Hills, Quezon City. May mga demonstrasyon din na ginanap sa mga eskwelahan sa Baguio City; Los Baños, Laguna; Pampanga; at Legazpi, Albay.

**Pebrero 8.** Sa umaga ng ika-55 kaarawan ni Aquino, muling naglunsad ng kilos-protesta ang mga myembro ng League of Filipino Students (LFS) at Anakbayan para igiit ang kanilang panawagan na magbitiw sa pwesto si Aquino bilang pasimuno ng operasyon sa Mamasapano. Dala-dala ng mga lumahok ang isang pekeng itim na keyk na may dilaw na titik na "Noynoy, Resign Now!"

Naglunsad din ng kilos-protesta sa Liwasang Bonifacio at nanawagan ng hustisya para sa namatay na mga tropa ng SAF. Nagkaroon ng presentasyong pangkultura bilang pakikiisa sa mga biktima at sa kanilang mga pamilya.

**Pebrero 14.** Umabot sa 3,000 kababaihan at iba pang sektor ang lumahok sa "One Billion Rising" para igiit ang pagbibitiw ni Aquino. Nagtipon sila sa Liwasang Bonifacio at idinaan sa sayaw ang kanilang mga panawagang isiwalat ang katotohanan at managot ang mga responsable sa lahat ng malalalang kasalanan sa bayan, mula sa iskandalo sa *pork barrel* hanggang sa madugong labanan sa Mamasapano. AB

# Ang punong papel ng US sa labanan sa Mamasapano

Habang tumatagal ay lumilinaw ang namumunong papel ng gubyernong US sa nangyaring labanan sa Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25.

Inamin mismo ng isang di pinangalanang upisyal ng PNP Special Action Force (PNP-SAF) na ang gubyernong US ang nagbigay ng mga kinakailangang lohistika, kabilang ang perang ipinambayad sa mga myembro ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) na nagsilbing giya para malapitan ng mga komando ng PNP-SAF ang target nilang sina Zulkifli bin Hir alyas Marwan at Abdul Basit Usman, na may pinagsamang $9-milyong patong sa ulo mula sa US State Department. Ang US din ang nagbigay ng pondo at datos-paniktik kaugnay ng operasyon para nyutralisahin sina Marwan.

**La Vista del Mar Beach Resort.** Ang mga pwersa ng US ang siya ring pumili at nagbigay ng espesyal na pagsasanay sa 84th SAF Company bilang pwersang panagupa sa operasyon laban kina Marwan. Magsisilbing pansuporta lamang ang iba pang mga yunit ng SAF, kabilang ang 55th SAF Company na nalipol sa Mamasapano.

Nagbigay din ang US ng pasilidad para sa pagsasanay ng 84th SAF Company sa La Vista del Mar Beach Resort sa Barangay Upper Calarian sa Zamboanga City. Ang resort ay pag-aari ng pamilya ni Zamboanga City Rep. Celso Lobregat.

**Wikileaks Reports.** Tumutugma ang salaysay ng upisyal ng SAF sa mga sikretong mensahe ng US Embassy sa Washington, D.C. mula 2005 hanggang 2010 tungkol sa malaking papel ng US sa kontra-terorismong kampanya ng Pilipinas. Ayon sa mga mensaheng isiniwalat ng Wikileaks, ang gubyernong US ang siyang nagpaplano ng mga lihim na operasyong isinasagawa ng militar, pulisya at iba pang pwersang pansegurídad ng Pilipinas.

Iniendorso ng US Embassy sa Maynila sa sikretong mensahe nitong "09MANILA2271" ang pag-aapruba sa $34.1 milyong badyet mula sa gubyernong US para sa sarisaring kagamitan para sa kampanyang kontra-terorismo noong 2010.

Gayunpaman, tikom ang bibig ng US Embassy tungkol sa mainit na usaping ito na malinaw na yumuyurak sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas. Maging ang mga papet nito sa Pilipinas ay nagkukumahog na pagtakpan ang direktang papel ng US sa mga operasyong militar sa Pilipinas. Sa katunayan, sinuspinde ang mga pagdinig sa Mababang Kapulungan ng Kongreso matapos ungkatin dito ng mga progresibong mambabatas ang pananagutan ng US at ni Aquino sa labanan sa Mamasapano. Hanggang sa kasalukuyan, iginigiit ni PNP Dir. Getulio Napeñas, ang sinibak na kumander ng SAF, na ang papel lamang umano ng US sa Mamasapano ay ang misyong medikal para ilikas ang mga kaswalti ng SAF.

Ayon sa salaysay ng tauhan ng SAF, isang Amerikanong kinilalang "Allan Konz" ang aktwal na tumayong pinuno ng operasyon. Sa panahon ng operasyon sa Mamasapano, si Konz ay nasa *command post* ng 43rd SAF Company na nakabase sa Shariff Aguak, Maguindanao kasama ang hepe ng PNP-SAF na si Director Napeñas. Si Konz ang nagdikta ng bawat galaw ng operasyon. Naroon din sa pwesto ni Konz ang walo pang di-nakaunipormeng mga sundalong Amerikano.

Ibinunyag din ng mga upisyal ng AFP na ang *drone* ng US ang siyang nakatunton sa lokasyon ng 84th SAF Company. Ang bidyo ng labanan sa Mamasapano na pinanonood noong umaga ng Enero 25 nina Aquino at mga piling upisyal ng US sa loob ng US Drone Facility sa Edwin Andrews Airbase sa Zamboanga City ay kuha rin ng *drone*.

**Desisyon ng US.** Sa pagkakadisenyo pa lamang ng operasyon ay nilimitahan na ng mga Amerikano ang papel ng AFP. Kung mayroon mang koordinasyon, ito ay para sa gawaing paniktik. Kasinungalingan, kung gayon, ang sinasabi ni Napeñas sa pagdinig sa Kongreso na siya ang nagdesisyong huwag makipagkoordina sa militar o MILF dahil wala umano siyang tiwala sa kanila. Ang totoo'y inililihim lamang niya ang papel ng US sa operasyon.

Nang balangkasin ang plano, pinaasa rin ng



mga Amerikano ang SAF na may reimporsment na darating sakaling magkaproblema—ang 300 iba pang pwersa ng SAF, ang *mechanized unit* ng Philippine Army na may layo lamang na tatlong kilometro sa Mamasapano at suportang artileri. Pero sa aktwal na labanan, ang US din ang nag-utos na baguhin ang plano at huwag pakilusan ang mga reimporsment na ito ("stand down order").

Samantala, isinalaysay ng mga lokal na residenteng nakapanayam ng *fact-finding mission* na pinamunuan ng Gabriela Women's Party at Suara Bangsamoro nitong Pebrero 8-11 na sa loob ng isang linggo bago ang labanan ay paikut-ikot ang isang *drone* (na tinawag nilang "maliit na eroplano") sa apat na barangay ng Mamasapano. Kumikislap ito tuwing gabi at mababa lamang ang lipad nito—halos sa ibabaw lamang ng bubong ng mga bahay. Masinsin ang lipad ng *drone* sa Barangay Tukanalipao buong gabi ng Enero 24.

Sa aktwal na operasyon noong Enero 25, napatay ang 44 na tropa ng SAF—siyam mula sa 84th Company at 35 mula sa 55th Company. Kabilang din sa napatay ang dalawang kasapi ng MILF na nagsilbing mga giya, at 13 elementong paramilitar. Ayon sa liderato ng MILF, nalagasan sila ng 18 mandirigma. Napatay din ang pitong sibilyan.

Ayon sa isang ulat na lumabas sa isang pambansang pahayagan noong Pebrero 5, iniutos sa mga elemento ng SAF na nakaligtas na unahing alisin sa lugar na pinaglabanan ang mga tropang Amerikano. Gayunman, ilang residente ng Tukanalipao ang nagsabing tumulong sila sa pagbubuhat sa bangkay ng isang sundalong Amerikano na isinakay sa berdeng helikopter ng USAID na dali-daling lumapag sa lugar matapos ang labanan. AB

# Teroristang panghihimasok ng US sa Pilipinas

Hindi bago at hindi nakagugulat ang nabubunyag ngayong nangunguna at tuwirang papel ng US sa madugong labanan sa Mamasapano, Maguindanao. Mula nang pangalanan ng US ang Pilipinas bilang "ikalawang larangan" sa idineklara nitong "gera laban sa terorismo" noong Oktubre 2001, wala nang patid ang masaklaw at malalim na panghihimasok nito sa mga internal na usapin ng bansa. Sa pakikipagsabwatan sa papet na gubyerno, walang pakundangan ang paglabag sa soberanya ng Pilipinas at sa mga internasyunal at lokal na batas at alituntunin.

Mula maagang bahagi ng dekada 2000, dinala ng US ang multo ng "terorismo" sa Pilipinas para bigyang-matwid ang pagpasok at pagpapanatili ng presensya ng mga tropang "kontra-terorista" nito sa bansa. Ang bandidong grupong Abu Sayyaf, na binuo ng dating mga tauhan ng US na lumahok sa subersyon sa Afghanistan, ay iniugnay ng US sa Al Qaeda at iba pang grupong inakusahan nitong nasa likod ng teroristang pag-atake sa New York City noong Setyembre 11, 2001.

Noong 2005, isinama ng US sa talaan nito ng mga "terorista" ang Bagong Hukbong Bayan, ang Partido Komunista ng Pilipinas at si Prof. Jose Maria Sison. Noong 2002, binalak ng US na ideklara ring terorista ang Moro Islamic Liberation Front, na pinaniniwalaan nitong may mas masaklaw pang ugnay sa Jemaah Islamiyah kumpara sa Abu Sayyaf, pero pinagpasyahang alisin sa listahan at tangkaing bitagin ito sa walang taning na tigil-putukan at usapang pangkapayapaan.

Naglunsad ng malawakan at masaklaw na panghihimasok ang militar ng US sa operasyon laban sa grupo ng Abu Sayyaf na nasa likod ng pagkidnap sa 20 indibidwal sa Dos Palmas, Palawan noong Nobyembre 2001.

Simula 2003, umabot sa 600-900 sundalong Amerikanong nakapailalim sa Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P), isang yunit ng US Pacific Command, ang humimpil sa loob ng Camp Navarro, ang kampo militar ng Western Mindanao Command ng AFP.

Noong Pebrero 2002, nagpadala ang US ng 1,300 tropa sa Basilan sa tabing ng Balikatan 02-1, ang unang pinagsanib na pagsasanay-militar na isinagawa sa Mindanao. Kabilang sa mga ipinadala ng US ang 160 tropa mula sa Joint Special Operations Command (JSOC), ang tinaguriang "pribadong hukbo" ng presidente ng US na ginagamit para sa ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga indibidwal na arbitraryo nitong idineklarang mga terorista at kanilang mga sibilyang tagasuporta.

Para gawing katanggap-tanggap ang kanilang presensya sa mga sibilyang komunidad at pagtakpan ang brutalidad ng kanilang mga operasyon, nagbubuhos ng pondo ang militar ng US para magsagawa ng proyektong sibilyan at pang-imprastruktura. Sa ulat ni Kristie Kenny, ambasador ng US sa Pilipinas mula 2006 hanggang 2009, sangkot ang mga pwersang Amerikano sa di bababa sa 255 iba't ibang proyektong sibiko at makatao sa

loob ng panahong ito.

Kabilang dito ang 193 pagkukumpuni ng mga daan, daungan, klinika, eskwelahan at mga sistemang patubig. Nagsagawa rin ito ng samutsaring kampanyang propaganda sa ilalim ng programang MIST (Military Information Support Team) kung saan nagpapalaganap ang US ng mga larawan, sulatin, komiks, patalastas sa radyo at telebisyon para lalupang pabanguhin ang kanilang mga tropa, gayundin ang mga tropa ng AFP, sa mga sibilyang komunidad ng Moro.

Kabilang din dito ang pagpapadala ng 300 tropang inhinyero para isagawa ang mga sibikomilitar na proyekto tulad ng pagkukumpuni ng mga daan sa Basilan.


Ayon sa mga dokumento ng Kongreso ng US, bahagi ng "Operation Balikatan" ang pagsama ng mga dalawa-kataong tim ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kombat ng piling mga kumpanya ng AFP pero hindi sila magpapailalim sa mga kumand nito. Rumurok ang "Operation Balikatan" noong Hunyo 7, 2002, matapos matunton ng US ang kampo na pinagkukutaan sa Zamboanga ni Abu Sabaya (Aidam Tilao), ang kumander ng Abu Sayyaf na may hawak sa mga biktima.

Sa tabing ng "rescue operations," pinamunuan ng US ang pagsalakay ng mga tropang Pilipino sa naturang kampo gamit ang mga *drone* nito para sa *surveillance* at pang-aatake.

Dalawang linggo matapos ang madugong operasyon na nagresulta sa pagkamatay ng dalawang bihag ng Abu Sayyaf, napatay ng mga operatibang Pilipino si Abu Sabaya habang tumatakas siya sa baybayin ng Zamboanga City. Natunton ng mga operatiba ng US ang lokasyon ni Sabaya, na noo'y may patong nang $5 milyong pabuya ng US, dulot ng paggamit niya ng isang *satellite phone* na lingid sa kanyang kaalama'y ibinigay ng CIA. Dalawang barko ng US Navy na may lulang mga tim ng Navy Seals, isang sangay ng JSOC, ang umaktong suporta sa operasyon. Idineklara ng US na matagumpay ang "Operation Balikatan" noong Hulyo 2002.

Noong Pebrero 2003, nagpadala ng mas maraming tropa ang militar ng US sa harap ng serye ng pambobomba sa mga sentrong sibilyan noong huling bahagi ng 2002. Pinalabas ng US na iyo'y kagagawan ng Abu Sayyaf. Kabilang sa mga sundalong dinala ng US sa Pilipinas ang mahigit 350 espesyal na operatiba sa Sulu at 450 tropa sa Zamboanga na direktang lumahok sa mga operasyong kombat ng AFP sa lugar.

Ang mga tropang ito ay sinuportahan ng mga barkong pandigma na may lulang 1,000 sundalo mula sa US Marines, 1,300 US Navy, mga *attack helicopter* at eroplanong pandigma, na estratehikong ipinusisyon sa karagatan ng Sulu. Bukod dito, ipinasok din ng US ang mga gamit-militar nito, kabilang ang mga P-3 *surveillance aircraft* na ginagamit para sa digmaan sa dagat (na wala nang kinalaman sa Abu Sayyaf).



Sa binalangkas na "rules of engagement" sa pagitan ng US at Pilipinas, "di pangkombat" ang papel na gagampanan ng mga sundalong Amerikano sa loob ng mga Pilipinong batalyon. Gayunpaman, may karapatan silang magpaputok kapag pinaputukan, isang sitwasyong sadyang mangyayari sa isang operasyong militar.

Bukod sa matutunog na mga operasyon ng mga pwersang Amerikano, sangkot din sa mas maliliit pero mas masasaklaw na operasyon ang US sa iba pang bahagi ng Mindanao. Hindi bababa sa 23 ang dokumentadong kaso ng hayagang paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong kombat ng AFP sa Basilan, Sulu, Tawi-tawi, Sultan Kudarat, Zamboanga at Maguindanao mula 2002 hanggang 2008 pa lamang. Marami sa mga operasyong ito, na inilunsad laban sa Moro Islamic Liberation Front, ay nagresulta sa pagkamatay ng mga sibilyan at pagkawasak ng kanilang mga komunidad.

Noong Abril 2008, namataan ang mga tropang Amerikano sa isang *tactical command outpost* ng AFP sa Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley. Nagbibigay sila noon ng suportang teknikal sa mga nagmamaniobrang tropa ng AFP laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lugar.

Mula 2010, ilan pang kaso ng direktang panghihimasok ng US ang nabunyag. Kabilang dito ang pagbibigay-direksyon at *combat support* sa mga tropa ng AFP sa tinaguriang Zamboanga Siege noong Setyembre 2013 at ang nauna nang tangkang patayin sina Marwan gamit ang mga "smart bombs" noong Pebrero 2012 sa Jolo, Sulu. AB

## Nasaan na si Meiring?

Noong Mayo 2002, hinuli ng mga pulis sa Davao City si Michael Terrence Meiring, isang aktibong ahente ng US Central Intelligence Agency (CIA), matapos aksidenteng sumabog ang ginagawa niyang bomba sa loob ng kanyang kwarto sa Evergreen Hotel sa naturang syudad.

Taliwas sa kanyang paliwanag na hinagisan siya ng granada, natagpuan ng mga pulis ang dalawang bakal na kahon na naglalaman ng mga eksplosibo sa loob ng kanyang kwarto at mga ID na nagpapakilala sa kanya bilang myembro ng Moro National Liberation Front (MNLF). Sampung taon nang pabalik-balik si Meiring sa Pilipinas. Noong 1992, ipinailalim siya sa National Bureau of Investigation sa Maynila.

Pinaniwalaang balak ni Meiring na pasabugin ang hotel noong araw na iyon para lumikha ng teroristang isterya sa Davao at ibaling ang sisi sa MNLF at iba pang grupong Moro. Sa panahong ito nagaganap ang Balikatan 02-1, na sa simula ay nakalimita sa isla ng Basilan. (Sinaklaw nito kinalaunan ang Zamboanga, nang matunton ng US si Abu Sabaya.)

Inihahanda pa lamang ng pulis ang pagkakaso sa kanya nang biglaan siyang kunin ng mga ahente ng US National Security Agency at ng Federal Bureau of Investigation sa ospital na pinagdalhan sa kanya matapos ang "aksidente." Dali-dali siyang iniuwi ng naturang mga ahente sa US sa kabila ng *warrant of arrest* at pagbabawal sa kanya na lumabas ng bansa. Noong 2004, natunton siya ng isang istasyon ng telebisyon sa Houston, Texas kung saan maaliwalas siyang namumuhay, gamit ang apelyidong Van de Meer, kasama ang kanyang asawa. AB

# Mababangis na atake ng AFP sa mga sibilyang Moro

Isinasangkalan ngayon ng iba't ibang reaksyunaryong pwersa ang pagkamatay ng 44 na elemento ng PNP Special Action Force sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25 para magpalaganap ng sobinismong anti-Moro at manawagan ng todo-largang digma laban sa mamamayang Moro.

Baluktot na bersyon ng kasaysayan ang pinalalaganap para pagmukhaing demonyo at terorista ang lahat ng pwersang Moro, at palabasin na sila ang pasimuno ng ilan sa pinakamadudugong masaker sa kasaysayan ng pakikibakang Moro.

Ang totoo, mula nang simulan ng diktadurang US-Marcos ang malawakang gerang anti-Moro noong dekada 1970 ay walang pagdadalawang-isip ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at iba pang pwersang suportado ng estado na pumatay o manakit ng mga di-armadong sibilyan. Bawat reaksyunaryong rehimen na sumunod kay Marcos ay gumamit din ng iba't ibang kumbinasyon ng dahas at panlilinlang para supilin ang pakikibaka ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili.

Daan-daang libong sibilyang Moro na ang nabibiktima ng mga kampanyang militar ng AFP. Sa maraming pagkakataon, nagsagawa ang estado ng pambobomba at panganganyon na ikinamatay ng mga sibilyan o nagbunsod ng kanilang malawakang paglikas. Sa marami ring pagkakataon, walang awang pinaulanan ng bala ng mga sundalo ang mga sibilyan bilang ganti sa kanilang pagkatalo sa pakikipaglaban sa mga armadong kilusang Moro tulad ng Moro National Liberation Front (MNLF) at Moro Islamic Liberation Front (MILF) o sa proseso ng pagtugis sa Abu Sayyaf at Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF).

**Sa ilalim ng rehimeng Marcos.** Ang pinakakarumal-dumal na atakeng isinagawa ng AFP sa kasaysayan ng pagsupil nito sa pakikibakang Moro ay ang pagsunog sa Jolo City noong Pebrero 7-8, 1974. Di bababa sa 10,000 Muslim, Kristyano at Tsinong residente ang namatay nang masunog ang syudad bunga ng paulit-ulit na pambobomba ng AFP mula sa lupa, dagat at himpapawid. Sa pagtugis ng AFP sa mga pwersa ng MNLF na umokupa sa ilang bahagi ng Jolo City, gumamit ito ng mga kanyon ng Philippine Navy, mga *jet*, Tora-Tora at *helicopter gunships* ng Philippine Air Force at iba pang pwersa ng AFP. Walang pakundangan nilang tinarget at sinunog ang Tulay Mosque, ang Chinese Pun Tai Kung Temple, ang Notre Dame Cathedral at ang buong kabayanan. Sa pagkalat pa ng apoy, pagsapit ng Pebrero 8 ay naabo ang 80% ng Jolo City. Bunga nito, lumikas ang ilampung libong residente sa iba pang bahagi ng Mindanao, sa kanugnog na estado ng Sabah, Malaysia at sa Luzon at Visayas. Pilit na sinupil ng masmidyang kontrolado ng diktadurang Marcos ang totoong mga pangyayari sa pagkakasunog ng Jolo.

Sumusunod ang ilan sa pinakamatitingkad na kaso sa ilalim ng rehimeng Marcos:

*Hunyo 1971.* Sinalakay ng pinagsanib na mga pwersa ng

Philippine Constabulary at paramilitar na Ilaga ang mga nagdadasal na sibilyan sa isang moske sa Manili, Carmen, North Cotabato, at pinaslang ang 70 Moro, kabilang ang kababaihan at mga bata.

*Nobyembre 1971.* Apatnapung sibilyang Moro ang pinaslang sa Kauswagan, Lanao del Norte sa tinaguriang Tacub Massacre.

*Setyembre 1974.* Pinagpapatay ng mga elemento ng 15th IB ang 1,776 sibilyang Moro na nagdadasal sa Tacbil Mosque sa Malisbong, Palimbang, Sultan Kudarat. Ang mga babaeng Moro ay dinala rin sa barko de gera ng Philippine Navy at halinhinang ginahasa.

*Oktubre 1977.* Umabot sa 700 sibilyang Moro ang pinagpapatay ng mga sundalo ng AFP sa Patikul, Sulu bilang ganti sa pagkamatay ni Brig. Gen. Teodulfo Bautista at 34 niyang tauhan.


*Pebrero 1981.* Umabot sa 2,000 residente ng Pata Island sa Jolo, Sulu ang minasaker ng reaksyunaryong militar matapos mapaslang ang 124 sundalo ng 31st IB dito.

Sa buong dekada 1970 hanggang sa pagbagsak ng diktadurang Marcos noong 1986, umabot sa 500,000 Moro ang napaslang o napilitang lumikas mula sa kanilang mga lugar.

**Rehimeng US-Aquino 1 hanggang rehimeng US-Aquino 2.** Humupa ang mga armadong atake sa mga pwersang Moro matapos pumasok sa kasunduang tigil-putukan ang MNLF sa rehimen ni Corazon Aquino noong 1987. Sa serye ng mga mapanlinlang na maniobra, tuluyang napasuko ng sumunod na rehimen ni Fidel Ramos ang MNLF noong 1994 at kasunod nito ay napapasok din sa kasunduang tigil-putukan ang MILF noong 1996.

Subalit nang manungkulan na ang rehimeng US-Estrada, muling sumiklab ang lantarang pandarahas ng estado sa mamamayang Moro nang pawalambisa nito ang tigil-putukan at magdeklara ito ng "all-out war" laban sa MILF noong Marso 2000. Itinambak ng gubyernong Estrada ang 70% ng pwersa ng AFP laban sa MILF para durugin ang mga tukoy nitong balwarte sa Mindanao.

Bunga ng ilang buwang walang humpay na pang-aatake, umabot muli sa 500,000 mamamayang Moro ang napilitang lumikas at nagsiksikan sa mga sentro ng ebakwasyon sa Cotabato, Maguindanao, Lanao del Norte at Lanao del Sur. Libu-libong sibilyan ang napaslang, kabilang yaong mga nabiktima ng walang patumanggang pambobomba at panganganyon ng AFP. Di rin iilan ang naging biktima ng iba pang paglabag sa karapatang-tao, kabilang yaong mga sinalbeyds, iligal na inaresto, hinaras, tinortyur, isinailalim sa blokeyo sa pagkain, sinunog ang mga bahay at pananim at iba bang kalapastanganang laganap tuwing may operasyong militar.



Para mapanatili ang pagkakahati ng mamamayang Moro, ginamit ng rehimeng Estrada ang mga dating pwersa ng MNLF na sumanib na sa AFP para atakehin ang MILF. Nagbuo rin ito ng mga grupong *vigilante* para udyukan ang mga hidwaan sa relihiyon at iba pa.

Sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, na humalili sa gubyernong Estrada, tumindi ang pang-aatake ng AFP sa mga komunidad ng Moro noong 2008, nang muling sumiklab ang armadong paglaban ng MILF bunsod ng deklarasyon ng Korte Suprema na iligal ang Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MoA-AD). Pinirmahan ng MILF at gubyernong Arroyo ang MoA-AD bilang bahagi ng sinimulan muli na prosesong pangkapayapaan. Sa panahong ito rumurok ang bilang ng mga bakwit sa mga erya ng mamamayang Moro. Noong 2008, pumangalawa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamalalaking bilang ng mga bakwit sa buong mundo (600,000), ayon sa Internal Displacement Monitoring Center, isang *non-government organization* sa ilalim ng Norwegian Refugee Council.

Pagsapit ng Mayo 2009, umabot na sa 750,000 ang mga sapilitang lumikas mula sa iba't ibang prubinsya ng Mindanao dahil sa mga operasyong pagtugis ng AFP sa MILF. Di bababa sa 50 sibilyan ang napatay sa mga operasyong ito, kabilang ang apat na bata sa Datu Piang, Maguindanao noong Setyembre 8, 2008 na napaslang sa isang *air strike* ng Philippine Air Force. Nakasakay noon ang mga bata sa isang bangka kasama ng

kanilang mga magulang para pumunta sa *evacuation center* nang inistraping sila ng eroplanong pandigma ng AFP.


Noong unang hati ng Mayo 2009, umabot sa halos 30,000 ang nagbakwit mula sa Datu Piang nang walang puknat na bombahin mula sa ere at kanyunin ng mortar ng AFP ang mga kuta umano ng MILF. Masahol pa, dalawang linggo ring pinigilan ng militar ang mga grupong pangkawanggawa, kabilang ang International Committee of the Red Cross, na dalhan ng pagkain ang mga bakwit.

Samantala, walang pakundangan din ang pagpaslang sa mga sibilyan sa gitna ng mga operasyong pagtugis ng AFP sa bandidong Abu Sayyaf sa ilalim ng gubyernong Arroyo. Noong Pebrero 4, 2008, pito katao, kabilang ang dalawang bata, dalawang tin-edyer at isang nagbabakasyong sundalo ang pinagpapatay ng sumasalakay na Philippine Marines sa Ipil, Maimbung, Sulu. Ang mga biktima ay mga simpleng "seaweed farmers" at ilan sa kanila ay pinagbabaril habang nakasakay na sa mga bangka para lumayo sa putukan. Ang mga biktimang bata ay binaril sa ulo. Sa kabila nito, inabswelto ng AFP ang Marines, taliwas sa resulta ng mga imbestigasyon ng ibang grupo, kabilang ang Commission on Human Rights.

Sa ilalim ng rehimen ni Benigno Aquino III ay nakipag-usap muli ang Gubyerno ng Pilipinas (GPH) sa MILF at napirmahan ang Framework Agreement noong Oktubre 2012. Sinimulan ang masinsing pag-uusap noong Hulyo 2013, bagay na ikinagalit ng MNLF sa ilalim ni Nur Misuari, dahil naisaisantabi ang kasunduan nito sa GPH noong 1994.

Noong Setyembre 2013, dumating sa Zamboanga City ang humigit-kumulang 250 pwersa ng MNLF para magdaos ng rali laban sa binubuong kasunduang pangkapayapaan ng MILF at gubyernong Aquino. Naganap ang tinaguriang Zamboanga Siege nang dumugin sila ng 5,000 pwersa ng AFP at PNP. Sumiklab ang 20-araw na labanan nang gumamit ng malalakas na armas, helikopter at mga *armored personnel carrier* at paulanan ng AFP at PNP ng bomba at bala ang ilang barangay sa baybaying lugar ng Zamboanga City. Ang pang-aatake ng AFP ay nagbunsod ng pagbakwit ng 120,000 katao at pagkawasak ng humigit-kumulang 10,000 bahay. Ikinamatay din ito ng 12 sibilyan at ikinasugat ng 75 mamamayang Moro.

Hindi natapos sa Zamboanga Siege ang pagdurusa ng mga sibilyan. Pagsapit ng Disyembre 2014, may 35,000 pa rin sa mga nagsilikas ang nananatili sa masisikip at maruruming *evacuation center* dahil sa pagbabawal ng gubyernong Aquino na pabalikin sila sa kanilang mga komunidad. Halos 200 na sa kanila ang namamatay sa sakit. Lumalaganap din ang prostitusyon, pagtutulak ng iligal na droga at iba pang krimen sa mga sentro ng ebakwasyon dahil sa kawalan ng kabuhayan.



Nang mabuo noong Enero 24, 2014 ang Comprehensive Agreement on the Bangsamoro sa pagitan ng MILF at gubyernong Aquino, itinuring itong hudyat ng AFP para konsentrahan ng atake ang BIFF. Nabuo ang BIFF noong 2008 nang humiwalay sa MILF ang mga pwersang Moro na hindi naniniwalang makakamit ang mithiin ng Bangsamoro sa pakikipagkasundo ng MILF sa GPH.

Mula Enero 27 hanggang Pebrero 2, 2014, inilunsad ng AFP ang Operation Darkhorse at walang humpay na sinalakay ang iba't ibang lugar sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), Western Mindanao at Central Mindanao na pinaniniwalaan nitong kuta ng BIFF. Umabot sa 48,200 mamamayang Moro ang sapilitang lumikas dahil sa tuluy-tuloy na pambobomba at panganganyon ng AFP sa mga sibilyang komunidad.

Nang muling tugisin ng AFP ang BIFF noong Nobyembre 2014, umabot sa 400 katao ang napilitang magbakwit sa North Cotabato.

Sa katapusan ng 2014, mayroong 44,000 bakwit sa ARMM; 38,200 sa Western Mindanao; at 9,300 sa Central Mindanao bunsod ng mga operasyong militar ng AFP laban sa BIFF.

Sa ngayon, ginagamit na *proxy* ng AFP ang MILF para tugisin ang BIFF. Mula Pebrero 13, umaabot na sa 15,000 katao ang lumilikas mula sa anim na barangay ng Pikit, North Cotabato at dalawang barangay ng Pagalungan, Maguindanao dahil sa mga labanan sa pagitan ng dalawang grupo. AB

# Sibilyan, sugatan matapos pagbabarilin ng mga sundalo

Isang sibilyan ang nasugatan sa braso nang pagbabarilin ng mga sundalo ang isang grupo ng mga dayuhang turista na nanonood ng mga ibon sa mabundok na bahagi ng Barangay Dalwangan, Malaybalay City, Bukidnon, mga alas-8 ng umaga ng Pebrero 13.

Ang sibilyang nagngangalang Carlito Gayamara ay gumigiya noon sa pitong dayuhan sa loob ng kagubatan ng Mt. Kitanglad. Sa kabila ng kanilang pagsigaw na mga sibilyan sila, mahigit sampung minuto silang inistraping ng mga militar.

Hindi man lamang tinulungan ng mga sundalo si Gayamara na makarating sa ospital, at hinayaan siyang sagutin lahat ng gastos sa kanyang pagpapagamot. Masahol pa, para makaiwas sa kanilang pananagutan, pinalabas nila na natamaan si Gayamara sa palitan ng putok sa pagitan ng AFP at Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang totoo ay walang yunit ng BHB sa lugar noong panahong iyon.

Basta na lamang pinaulanan ng bala ng mga sundalo ang mga turista dahil sa demoralisasyon bunga ng katatapos lamang na operasyong harasment sa kanila ng BHB.

Dalawang araw bago ito, dalawang sundalo ang napatay at lima ang nasugatan nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Mt. Kitanglad Subregional Command ang mga nag-ooperasyong tropa ng Special Forces Battalion ng AFP sa kalapit na lugar. Bilang reaksyon ay 12 beses na kinanyon ng militar ang lugar, na itinuturing na sagrado ng mga Lumad. Bunga nito, mahigit 40 pamilya ang nagbakwit patungong Barangay Kibenton, Impasug-ong.



Samantala, isang ripleng M14 at mga bala ang nasamsam mula sa isang sundalo ng 59th IB na pinarusahan sa isang operasyong isparo sa Sityo Tamala, San Marcelino, General Nakar, Quezon noong hapon ng Pebrero 8.

Ang sundalong si Ben Flora ay nakatalaga sa Intelligence Section ng 59th IB. Kabilang siya sa pinagsanib na mga pwersa ng 59th, 1st at 16th IB na tuluy-tuloy na naglulunsad ng mga operasyong militar sa mga bayan ng Infanta, General Nakar at Polillo Group of Islands sa Northern Quezon. Nasasalanta ng mga operasyong ito ang mamamayan ng naturang mga lugar, laluna ang mga katutubong Dumagat at Remontado at mga magsasaka at mangingisda. AB

---

# Sundalo, patay sa harasment ng BHB sa Samar

Isang sundalo ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan sa mga harasment na itinugon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa malawakang operasyong militar ng AFP nitong Pebrero sa prubinsya ng Samar.

Ayon sa mga panimulang ulat, noong Pebrero 16 ay hinaras ng Jorge Bolito Command (JBC) ng BHB ang nag-ooperasyong kaaway sa Sityo Burabod, Barangay Mabini, sa bayan ng Basey. Isang sarhento ng 82nd Division Reconnaissance Company (DRC) ang namatay at isa rin ang nasugatan. Bago ito, noong Pebrero 12 ay hinaras ng mga Pulang mandirigma ng JBC ang nag-ooperasyong mga sundalo sa Sityo Bagti, Barangay Mabini. Nasugatan ang di pa malamang bilang ng kaaway. Walang kaswalti sa mga kasama sa dalawang labanang ito.

Ang mga taktikal na opensiba ay tugon ng BHB sa mga reklamo ng mamamayan laban sa millitarisasyon ng rehimeng US-Aquino sa panahong bumabangon pa lamang sila sa kalamidad. Umaabot sa anim na kolum ng 87th IB at 82nd DRC ang nag-ooperasyon ngayon sa bayan ng Basey. Apektado ang mga barangay ng Mabini, Manlilinab, Rizal at iba pa sa interyor na bahagi ng bayan. Nagkakampo ang mga sundalo sa loob ng barangay na bawal sa internasyunal na makataong batas at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humaitarian Law o CARHRIHL. Hinihigpitan din ang pagkilos ng mamamayan kaya apektado ang kanilang pagsasaka.

Daan-daang mamamayan naman ang organisadong nagsilikas at tumungo sa munisipyo ng Basey upang ipahayag sa lokal na pamahalaan ang kanilang galit. Ipinapanawagan din nila na palayain na sina Elpidio Romanca at Artemio Estueta, kapwa mga magsasakang iligal na inaresto kahit walang mga nakasampang kaso laban sa kanila. *(tingnan ang kaugnay na artikulo sa p. 13)* AB

# Presyo ng langis, sumirit sa kabila ng mababang presyo sa pandaigdigang pamilihan

Kaisa ng sambayanang Pilipino, kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang napakalaking pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo na magkasunod na ipinatupad nitong Pebrero. Ito ay kahit labis-labis pa ang suplay ng krudong langis sa daigdig, patuloy na malaki ang surplas sa produksyon at nananatili pa ring mababa ang kabuuang pandaigdigang presyo ng krudo.


Nitong Pebrero 10 at 17, dalawang ulit na itinaas ang presyo ng mga produktong petrolyo. Sumirit nang P3.65 kada litro ang presyo ng gasolina, P3.45 ang *diesel* at P2.15 ang gaas. Ikinakatwiran ng mga kumpanya ng langis na tumaas ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan kahit pa ang katotohana'y ang imbak nilang langis ay nabili nang maaga pa at sa mas murang halaga.

Humigit-kumulang walong buwan nang pabagsak ang pangkalahatang tunguhin ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Ang kasalukuyang presyong $52-55 bawat bariles ng krudong langis ay 50% lamang ng presyong $108 bawat bariles noong Hunyo 2014. Bumagsak ito sa $45.5 bawat bariles noong simula ng Enero.

Bago pa man ipatupad ang malaking pagtaas sa presyo ng langis, tinatayang kulang pa ng P2 kada litro ang ibinababa ng presyo ng mga produktong petrolyo sa lokal na pamilihan.

Ayon sa International Energy Agency at ilang eksperto sa usapin ng industriya sa langis, tinatayang magpapatuloy ang presyo ng krudong langis sa mas mababa sa $60 kada bariles. Walang ginagawang mapagpasyang pagbawas sa produksyon ng krudo, nananatiling mataas ang suplay kumpara sa demand, at istable ang dolyar.

Sa kabila ng ginawang pagpresyur ng US at Organization of Petroleum Exporting Countries (OPEC), hindi natinag ang Russia na magbawas ng produksyon. Posibleng bumaba pa ang presyo ng krudong langis dahil magalaw ang presyo nito. May sobrang suplay na kahalintulad ng kalagayan noong 1998 kung saan bumagsak ang presyo ng krudong langis sa $11 bawat bariles. Kung tataas man ang presyo ng krudong langis, ito ay banayad lamang at maaaring mangyayari sa huling bahagi pa ng 2015.



**Panawagan para sa mas malaking rolbak sa produktong petrolyo.** Sa inabot na pangkalahatang pagbagsak ng presyo ng krudong langis sa pambansang pamilihan, ang ginawang rolbak nitong mga nakaraang buwan ay maliit kung ibabatay sa nararapat. Lalong walang batayan para sa panibagong serye ng mga pagtaas ng presyo.

Ang bahagyang pagtaas sa presyo ng krudong langis at ang ilang pagtaya na posibleng makakabawi na ang presyo nito ay agad isinangkalan ng mga lokal na subsidyaryo ng mga dayuhang kumpanya ng langis (pangunahin na ang Big 3—Pilipinas Shell, Chevron Philippines at Petron) para mabilisang magpataw ng malaking patong sa presyo. Kung sasalaminin ang humigit-kumulang

## Mga manggagawa sa repinerya ng langis sa US, nagwelga

Umabot sa 4,000 manggagawa sa mahigit siyam na repinerya ng langis sa California, Kentucky, Texas, Washington at Ohio sa US ang nagwelga simula noong Pebrero 1. Ang mga repinerya ay pag-aari ng British Petroleum-Shell sa US at bumubuo ng mga 15% ng kabuuang kapasidad ng US.

Sumiklab ang welgang pinangunahan ng United Steelworkers pagkatapos aroganteng talikuran ng mga kumpanya ang mga manggagawa sa negosasyon. Iginigiit ng mga manggagawa ang pagtataas ng sahod at mga patakaran para sa pangangalaga ng kalusugan ng mga manggagawa.

Ang welga sa US ay kabilang sa mga tinukoy na salik na nagtulak sa pagtaas ng presyo ng langis. AB

50% pagbagsak ng krudong langis nitong nakaraang walong buwan, tinatayang dapat ay nasa P22-23 kada litro lamang ang presyo ng *diesel* at P27-28 ang gasolina.

Ang hindi ibinabawas sa presyo ng produktong petrolyo ay pumapatong sa kinakamal na supertubo ng mga monopolyong kumpanya ng langis.

Sa buong panahong nasa poder si Aquino, itinaguyod niya ang mga pagtaas sa presyo ng petrolyo at pinanatili ang Oil Deregulation Law, sa kabila ng malakas na panawagan laban dito. Nagpapakainutil siya sa harap ng pagdidikta ng Big 3 ng lokal na presyo ng petrolyo. Bukod dito, pinanatili rin niya ang 12% VAT sa mga produktong petrolyo.

**Singil sa kuryente, tumaas.** Sa kabila ng tuluy-tuloy na pagbaba ng presyo ng langis nitong nagdaang mahigit walong buwan, nagpataw ang Manila Electric Company ng taas-singil sa kuryente ngayong Pebrero na umabot sa 84 sentimos kada *kilowatt-hour* (kWh). Katumbas ito ng dagdag na P167.85 sa bayarin sa kuryente ng karaniwang konsyumer na gumagamit ng 200 kWh kada buwan.

Kaugnay nito, sunud-sunod na protesta ang inilunsad ng iba't ibang progresibong organisasyon sa mga upisina ng Meralco sa Southern Tagalog at Metro Manila. Naganap ang mga pagkilos sa Sta. Rosa, Laguna at Taytay, Rizal noong Enero 27, sa upisina ng Meralco sa Pasig City noong Enero 28; at sa Calamba, Laguna at Antipolo City noong Pebrero 3. Nagkaroon ng isa pang pagkilos sa Calamba at Cainta, Rizal noong Pebrero 10, kasabay ng One Billion Rising.


# 4, iligal na ibinilanggo

Dalawang magsasaka at dalawang katutubo ang iligal na inaresto ng militar at patuloy na nakadetine.

**Samar.** Sina Elpidio Romanca at Artemio Estueta, parehong sibilyan na residente ng Barangay Mabini, Basey, Samar ay inaresto ng mga sundalo ng 87th IB noong Nobyembre ng nakaraang taon at nitong Enero.

Si Romanca ay dating myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na bumalik na sa buhay-sibilyan ngunit patuloy na hinaharas ng militar. Siya ay benepisyaryo ng International Committee of the Red Cross bilang *survivor* ng bagyong Yolanda. Sa kabila ng kanyang pagiging sibilyan, siya ay tinugis, nasugatan at inaresto ng mga sundalo noong Nobyembre 17 sa Sityo Bagti, bayan ng Mabini.

Si Estueta, 68 taong gulang, ay iligal na inaresto ng mga sundalo sa Sityo Burabod, Mabini nitong Enero 31. Sa kabila ng kanyang katandaan, tatlong trak ng mga sundalo ang umaresto sa kanya. Siya ay isa sa mga lider ng komunidad na nagsalita laban sa kriminal na kapabayaan ng rehimeng Aquino nang humagupit ang superbagyong Yolanda. Tagapagtaguyod din siya ng tunay na repormang agraryo at kritiko ng hindi pagpapatupad nito ng gubyernong Aquino.



Parehong hindi pa inililitaw ng AFP sina Tomangca at Estuesta.

**Quezon.** Nakadetine pa rin sa Lucena City sina Marites Marquez, 43 anyos, at ang kanyang pinsan na si Rosario Loreto, 37 anyos sa kabila ng utos ng Department of Justice (DOJ) na palayain na sila dahil iligal ang pagkakaaresto sa kanila.

Ang magpinsang Dumagat, na parehong residente ng Barangay Umiray, General Nakar ay pinagbibintangang sangkot sa pagdakip umano ng Bagong Hukbong Bayan kay Lino Hernandez, isang retiradong sundalo, noong Setyembre 26 sa Barangay Tinucan, Tanay, Rizal.

Basta na lamang sila dinampot matapos sila makasalubong ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 16th at 59th IB.

Noong Enero 7, iniutos ng DOJ na imbestigahang muli ang kaso ng magpinsan dahil napatunayang iligal ang pagaresto sa kanila bunga ng kawalan ng mandamyento de aresto.

**Sorsogon.** Tinatakot ng militar si Elena Gacos Estañol, konsehal ng Barangay San Jose, Bulusan, Sorsogon na kaisa-isang testigo sa pagdukot kay Edwin Anuran, isang dating kasapi ng BHB na hanggang ngayon ay hindi pa rin inililitaw ng mga dumukot na militar.

Magkasamang dinukot ng militar sina Estañol at Anuran noong Enero 30 sa Barangay Sta. Cruz, Casiguran, Sorsogon. Halos 24 oras na hinawakan ng militar si Estañol bago siya pakawalan. Bilang tanging saksi sa pangyayari, siya ang makapagpapatunay na mga tropa ng reaksyunaryong gubyerno ang dumukot sa kanila at patuloy na nagdedetine kay Anuran. Ani Estañol, binantaan siya at ang kanyang pamilya ng militar kaya nag-aatubili siyang tumestigo sa petisyon para sa *habeas corpus* na nais isampa ng pamilya ni Anuran sa husgado.

# Mga nakaligtas sa Yolanda, nagprotesta

Tumungo sa kapitolyo ng Samar sa Catbalogan City nitong Pebrero 18 ang 2,000 nakaligtas sa superbagyong Yolanda upang igiit sa gubyernong Aquino ang pagpapatupad ng programang *relief* at rehabilitasyon na anila'y matagal na nilang dapat nakamit. Sa pamumuno ng People Surge, alyansang organisasyon ng mga nakaligtas sa naturang kalamidad, sinabi ng mga nagprotesta na sa tagal ng kanilang paghihintay ay nadagdagan pa ang bilang ng mga namatay na tao bunga ng mga bagyong Ruby at Senyang.

Sa Catarman, Northern Samar, unang naglunsad ng rali-protesta ang 2,000 kasapi ng People Surge noong huling bahagi ng Enero. Napilitan silang harapin ng bise gubernor nang magtago sa mga biktima ang gubernador ng lalawigan. Sinabi ng mga nakaligtas sa Yolanda na sa kabila ng mga pangakong binitawan ng pamahalaan ay hindi pa nila nararamdaman ang ayuda.

Samantala, sa Iloilo City, nagdaos ang mga kasapi ng Paghugpong sang mga Mangunguma sa Panay kag Guimaras (PAMANGGAS) ng "camp out" sa harap ng upisina ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)-6 sa Iloilo City noong Pebrero 16-20 para igiit sa gubyerno na magbigay ng tulong pinansyal sa mga biktima ng Yolanda nang walang anumang kundisyon.

Tinututulan nila ang DSWD Memorandum Circular No. 24 Series of 2014 na naglilimita sa mga bibigyan ng ayuda. Alinsunod dito, ipinupwera ang mga pamilyang kumikita ng P15,000 pataas kada buwan at ang mga naninirahan sa loob ng 40-metrong *danger zone*. Pinalalayas din ang mga nasa *danger zone*. Noong Enero, sunud-sunod na mga protesta ang inilunsad ng Rise Up-Aklan sa Kalibo at Hugpong Capiznon sa Roxas City laban dito.

## Lupain ng PCMC, matagumpay na naigiit

MATAGUMPAY na naigiit ng mga upisyal, empleyado, pasyente at tagasuporta ng Philippine Children's Medical Center (PCMC) ang kanilang karapatan na makuha ang titulo sa lupa ng ospital na matagal na nilang hinihingi mula sa gubyerno. Sa isang Memorandum of Agreement (MoA) na pinirmahan noong Pebrero 5 ng mga kinatawan ng PCMC, National Housing Authority at Department of Health, ipinagkaloob ang 3.7-ektaryang lupain sa itinuturing na pinakamalaking pampublikong ospital ng mga bata sa buong bansa.

Noong nakaraang taon nakatanggap ng *eviction notice* ang ospital para bigyang-daan ang proyektong Quezon City Central Business District na magtataboy sa mahigit 300 empleyado at 55,000 pasyente. Mula noon ay tuluy-tuloy na nagsagawa ng mga pagkilos at paglaban ang ospital para pigilan ang pagpapaalis sa kanila. Iginiit din nila na dapat maglaan ang rehimeng Aquino ng malaking badyet sa mga pampublikong ospital at itigil ang anumang anyo ng pribatisasyon sa mga serbisyong panlipunan.

Ang PCMC ay itinayo noong 1980 para magsilbing sentrong ospital para sa mahihirap na bata. Karamihan ng mga pasyente nito ay may malalalang karamdaman tulad ng *leukemia*, sakit sa bato at kanser. Noong 1986 ay isinailalim ito sa korporatisasyon at unti-unting binawasan ang badyet. Noong Oktubre 2014 ay nakatanggap lamang ito ng P26 milyong subsidyo na mas mababa kumpara sa P43 milyon noong Pebrero ng parehong taon.

## Paglabag ng GMA 7 sa karapatan ng mga empleyado, paiimbestigahan

NAGHAIN si Gabriela Women's Party Rep. Emmi De Jesus ng resolusyon sa Mababang Kapulungan ng Kongreso para imbestigahan ang mga paglabag ng maneydsment ng GMA 7 sa mga bataspaggawa. Noong Pebrero 10, nagtungo sa Kongreso ang mga kinatawan ng Talent Association of GMA (TAG) para humingi ng tulong dahil marami sa kanila ang tinanggal na sa kanilang trabaho. Ang ilan sa kanila ay mahigit sampung taon nang nagseserbisyo pero hindi pa rin nagiging regular sa trabaho.

Noong Disyembre, hindi na pinalawig ang kontrata nila at hindi na rin nakakuha ng sweldo ang 52 sa mga kasapi ng TAG. Inirereklamo rin nila ang kawalan nila ng mga benepisyo mula sa Social Security System (SSS), Pag-ibig at Philhealth. Wala rin silang *sick leave, maternity leave* at *holiday pay* at hindi binibigyan ng serbisyo-medikal ng kanilang kumpanya.

Ayon kay De Jesus, isa itong anyo ng kontraktwalisasyon sa paggawa at panggigipit sa mga manggagawa ng GMA 7. Aniya, dapat mabigyan ng maayos at disenteng hanapbuhay ang mga manggagawa sa midya dahil may malaki silang tungkulin sa paghahatid ng impormasyon at balita sa mamamayan. Binatikos din ni De Jesus ang rehimeng Aquino sa kabiguan nitong protektahan ang mga manggagawa at sa patuloy na paglala ng kontraktwalisasyon sa bansa.

ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XLVI Blg. 4
Pebrero 21, 2015
www.philippinerevolution.net


Editoryal

# Paigtingin ang mga pakikibakang-bayan sa harap ng krisis sa pulitika ng rehimeng US-Aquino

Niyayanig ngayon ng masidhing krisis sa pulitika ang naghaharing rehimen bunga ng nabubunyag na tuwirang responsibilidad ni Benigno Aquino III at ng mga upisyal-militar ng US sa inilunsad na madugong operasyon sa Mamasapano, Maguindanao noong Enero 25.

Ang patuloy na paghuhugas-kamay ni Aquino at pagtatakip sa katotohanan ay lalong nagpapatindi sa galit ng mamamayang Pilipino at nagpapaalab sa kanilang paghahangad na patalsikin ang rehimeng papet, talamak sa korapsyon, malupit at mapanlinlang.

Nagkakandarapa ngayon ang rehimeng Aquino na remedyuhan ang krisis sa pulitika sa pamamagitan ng sunud-sunod na hakbang para pigilang lumabas ang katotohanan at gamitin ang pondo ng gubyerno upang lumikha ng iba't ibang ingay at ilayo sa US at kay Aquino




at sisi sa pagkamatay ng mahigit 80 katao, kabilang ang 44 na espesyal na tropa ng pulis, mga pwersang paramilitar, mga mandirigmang Moro at mga sibilyan.

Tanda ng lalim ng galit sa naghaharing rehimen, ibinunyag ng ilang mga tauhan ng PNP Special Action Force (SAF) na nag-operasyon sa Mamasapano ang katotohanan tungkol sa tuwirang pangunguna ng mga upisyal-militar ng US sa pagsasanay, pagpaplano at paglulunsad ng naturang operasyon. Nabunyag sa mga paglalahad na ito ang malaking kataksilan ng gubyernong Aquino nang ito ay lihim na magpagamit sa mga militar ng US para isagawa ang operasyong likidasyon laban kay Zulkifli bin Hir na may patong na $6 milyon mula sa US State Department.

Sa tangkang pigilan ang pagbubunyag ng mga inililihim na impormasyong makapagdidiin kay Aquino at sa US, pinagbawalan ang mamamayang Pilipino na sumaksi at makinig sa isinasagawang imbestigasyon ng Senadong dominado ng mga pulitikong maka-

## Mga tuntunin sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*